



Mga Rekomendasyon sa Paglilinis ng Kapaligiran para Makaiwas sa COVID-19 Para sa Mga Negosyo at Organisasyong Walang Kaugnayan sa Pangangalagang Pangkalusugan na Nagseserbisyo sa Publiko

Pebrero 24, 2020

Nakabatay ang mga rekomendasyong ito sa kasalukuyang kaalaman tungkol sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) at ia-update ang mga ito kung kinakailangan at kung magkakaroon na ng karagdagang impormasyon.

Nilalayong audience: mga negosyo at organisasyong walang kaugnayan sa pangangalagang pangkalusugan na nagseserbisyo sa publiko, kabilang ang (ngunit hindi limitado sa) Bay Area Rapid Transit (BART), Muni, iba pang pampublikong transportasyon, mga ahensya ng lungsod, tanggapan, tindahan.

MGA REKOMENDASYON

Magsagawa ng regular na paglilinis ng kapaligiran:

- Regular na linisin ang lahat ng lugar o gamit na madalas hawakan sa trabaho, gaya ng mga workstation, countertop, at hawakan ng pinto. Gamitin ang mga panlinis na karaniwang ginagamit sa mga lugar na ito at sundin ang mga tagubiling nasa label.
- Maglaan ng mga disposable na pamunas nang mapunasan ng mga empleyado ang mga karaniwang ginagamit na surface (halimbawa, mga hawakan ng pinto, keyboard, remote control, mesa) bago ang bawat paggamit.

Sa ngayon, wala pang inirerekomendang karagdagang pag-disinfect maliban sa regular na paglilinis.

Hindi inirerekomenda ng alinman sa Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) ng US o Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) ang paggamit ng mga karagdagan o espesyal na protocol o produkto sa pag-disinfect sa ngayon.

Kung pipiliin ng isang ahensya o negosyo na bumili ng bago o naiibang disinfectant para sa COVID-19, kailangang isaalang-alang ang pagbili ng disinfectant kung saan sinabi ng manufacturer na ito ay “nagpakita ng bisa laban sa mga virus na katulad ng COVID-19 / 2019-nCoV sa matitigas at non-porous na surface.” Kung walang available na produktong may ganoong pahayag, isaalang-alang ang pagbili ng produktong may sinabi nang mabisa laban sa human coronavirus sa label.

Palaging gamitin ang mga disinfectant alinsunod sa mga tagubiling nasa label ng mga ito, nang binibigyang-atensyon ang kinakailangang equipment para sa personal na proteksyon (personal protective equipment, PPE) at ang kinakailangang contact time para maisagawa ang pag-disinfect.

MGA RESOURCE

CDC: Interim Guidance for Businesses and Employers to Plan and Respond to Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), February 2020

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/specific-groups/guidance-business-response.html>